**Pamagat**: Ang Mga Kayamanan ng Mga Mananampalataya

**Bible Text**: 2 Cor. 8:9 "For ye know the grace of our Lord Jesus Christ, that, though he was rich, yet for your sakes he became poor, that ye through his poverty might be rich."

> *Pagsasalin*: Ito ay sapagakat alam ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesucristo. Alam ninyo na kahit na mayaman siya alang-alang sa inyo, siya ay naging mahirap (dukha). Ito ay upang sa pamamagitan ng kaniyang kahirapan kayo ay maging mayaman.

**Panimula**:

1. Maraming mga mananampalataya sa mundong ito ay mahirap (dukha). Pagdating sa pera sa banko – wala o napaliit lang ang laman nito.
2. Para sa akin, mas nais ko na punong-puno ang makalanggit na "bank account" ko ng grasya ng Dios, kaysa puno ang "bank account" ko sa mundong ito ngunit walang akong grasya kay Jesu-Cristo. (Mk. 16:26 - Ito ay sapagkat kung makamtan man ng isang tao ang buong sanlibutan ngunit mapahamak naman ang kaniyang kaluluwa, ano ang pinakinabangan niya? Ano ang maibibigay ng isang tao bilang katumbas ng kaniyang kaluluwa?)
3. 2 Cor. 6:10 - tulad sa mga nalulungkot, subalit laging natutuwa; tulad sa mga dukha, subalit maraming pinayayaman, tulad sa mga walang-wala, subalit mayroon ng lahat ng bagay. – Ito ang larawan ng mananampalataya na member ng iglesia sa Corinth. Walang tao sa buong mundo ang kayang ngumiti habang lumuluha, nag-re-rejoice sa gitna ng matinding pagsubok, sumipol ng awit habang walang laman ang bulsa at walang laman ang aparador maliban lamang sa anak ng Dios.
4. Sa mata ng mundong ito, ang mananampalataya ay walang-wala subalit, sa katotohanan, mayroon siya ng lahat ng bagay.
5. Ang Langgit at ang Panginoong Dios mismo ay kabahagi ng mananampalataya. (Ps. 84:11 - Sapagkat ang Panginoong Diyos ay araw at kalasag, siya'y nagbibigay ng biyaya at karangalan. Walang mabuting bagay ang ipagkakait ng Panginoon sa mga nagsisilakad nang matuwid.) Isa lang ang responsibilidad ng anak ng Dios – lumakad ng matuwid! (Matt. 6:33).
6. Maraming mga tao ang nais makiisa sa kayamanan ni Jesus pero ayaw nila ang kahirapan ni Jesus. (Total surrender, Rom. 12:1; Total service in His church, and beyond, Lk. 9:62 – kamay sa araro na hindi lumilingon; Faithful stewardship, 1 Cor. 4:2; Following His steps, 1 Pet. 2:21; lahat ng ito ay nakikibahagi tayo sa kahirapan ng Panginoon, Phil. 3:10.

**I. <u>Mayaman ang Mananampalataya sa mga "Temporal Blessings" (mga "Pansamantalang Pagpapala")</u>**

A. 2 Cor. 3:21 Kaya't huwag magmalaki ang sinuman sa mga tao, sapagkat ang lahat ng mga bagay ay sa inyo. (v.23) at kayo'y kay Cristo, at si Cristo ay sa Diyos.
B. Anumang bagay ang kailangan mo: ipanalangin mo ito sa Ama at nais sagutin ito ng Dios: physical, financial, spiritual, mental, LAHAT ng ito ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Dios. Maliit man ito o Malaki. Ang Dios ay ang "Giver" ng lahat.
C. Rom. 8:17 – ang ligtas ay tagapagmana ng Dios at kasamang tagapagmana ni Cristo.

**II. <u>Mayaman ang Mananampalataya sa Kayamanan ng Kaluwalhatian ng Dios.</u>**

A. Jn. 17:22 - Binigyan ko sila ng karangalan tulad ng ibinigay mo sa akin, upang sila'y maging isa katulad natin.
B. Mamanahin natin ang karangalan at pakikiisa sa Pangioon – pagdating natin sa kaluwalhatian!
C. Ang mananampalataya ay dapat mag-handa – iabot na natin sa langgit ang ating kayamanan. (Matt. 6:19, 20 - Huwag kayong mag-impok para sa inyong mga sarili ng mga kayamanan dito sa lupa, kung saan ang bukbok at kalawang ay sumisira at kung saan ang mga magnanakaw ay nakapanloloob at nakapagnanakaw. 20 Sa halip ay mag-impok kayo para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, kung saan ang bukbok at ang kalawang ay hindi makakapanira at kung saan ang mga magnanakaw ay hindi nakapanloloob at nakapagnanakaw.)
D. Ang buhay natin ay pansamantala lamang – at dapat tayo ay naghahanda para sa kibilang buhay.
E. Ang mana natin ay "tungo sa isang manang hindi nasisira, walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo," (1 Peter 1:4). – Itambak man ang milliyong millyong piso, o bilyon dollar o euro ng buong mundo – hindi maaring bilhin ang kahit na isang mansion ng Langgit sa Tahanan ng Ama.
F. Ang tao na hindi born again, or born of God, ay hindi handa para sa Bagong Jersalem sa Banal na Lungsod (Rev.21&22)

**Katapusan**:

1. Bakit nais ng Dios na iligtas tayo? Eph. 4:32 – "at maging mabait kayo sa isa't isa, mga mahabagin, magpapatawad sa isa't isa, gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo." – DAHIL KAY CRISTO.
2. Kung hindi ka ligtas malaktawan mo ang hangarin ng Dios para sa iyong buhay at hindi mo mararanasan ng yaman ng kaluwalhatian ng Dios ngayon at mag-pakailanman. (Eph. 2:6 At dahil kay Cristo Jesus, tayo'y muling binuhay na kasama niya, at iniluklok na kasama niya sa kalangitan, (v.7) upang sa mga panahong darating ay kanyang maipakita ang walang kapantay na kayamanan ng kanyang biyaya sa pamamagitan ng kanyang kabutihan sa atin na matatagpuan kay Cristo Jesus.)